



Kasabay sa makabagong pananaw sumunod sa napapanahong uso !

Sa isyung ito ng Mimitaro, atin nakapanayam si Bb. Yuri Linh, Tagasuporta ng mga dayuhang mag aaral sa Paaralan.



Kumuha ako ng pangunahing kurso sa Inglis sa Vietnam at nag aral ng wikang hapon, bilang pangalawang wika sa isang pang-dayuhang unibersidad. Habang nag tratabaho bilang isang taga-gabay nakilala at napangasawa ko ang aking asawang

hapon na nakadestino sa Vietnam ng 6 na taon. Nung mga panahon iyon nabiyayaan kami ng 2 anak. Pagkatapos naming lumipat ng Japan, nanirahan kami sa Notogawa ng 10 taon, kung saan nagkaroon ako ng maraming kaibigan dahil sa paghatid sunder ko sa mga bata papunta at pagkagaling sa kindergarden at muling, nabiyayaan kami ng pangatlong anak. At nung nagtapos ng JHS ang aming panganay, sa elementarya ang pangalawa at 3 taon gulang ang bunso, nalipat ng trabaho ang asawa ko sa Australia at tumira kami doon ng 8 taon. Ngayong taon nasa unibersidad na ang aming pangalawang anak. Kasama ang asawa ko at bunso namin bumalik kaming tatlo sa Shiga at nakatira ngayon sa Omihachiman. Napagdesisyon naming tuluyan ng manirahan sa Japan, upang mabigyan ng pagkakataon ang aming bunso na matuto ng wikang hapon at makapag aral sa Japan, katulad ng mga naranasan ng aming mga nakatatandang mga anak na parehong nakapag aral sa Japan at Australia.

Sa pamamagitan ng paaralan ng mga bata, nakita ko ang mga pagkakaiba ng edukasyon ng Japan at Australia. Pinahahalagahan ko ang kagandahan sa sistema ng edukasyon sa Australia, hinahayaan nila ang mga bata na makapag isip, magkaroon ng sariling orihinalidad at hindi kailangang nakatuon lang sa pare-parehong tularan. Halimbawa sa klase sa sining, sa Japan kailangan pa ng isang susundan na modelo at mga naayong pagsusuri. Samantalang sa Australia ay hinahayaan ang mga batang “gumawa ka ng mga gustong mong gawin gamit ang mga bagay na ito.” na nagreresulta ng magkakaibang nagawang hanay ng mga bata. At sa elementarya itinatanong sa mga bata kung “ano ang gusto nilang maging? upang maabot mo ang iyong pangarap ano ang mga dapat mong gawin? At may nagawa ka bang makabuluhan ngayong araw?” hinihikayat silang mag isip at gumawa ng hakbang ayon sa sariling disisyon ang mga batang ay nakapagisip at nakakagawa ng kanilang

sariling plano. Subalit habang maluwag ang mga panuntunan, may mga ipinagaalala din na masyadong maluwag ang edukasyon. Sa kabilang banda naman sa Japan, ang edukasyon ay hinahangaan dahil sa mataas na kalidad nito, ngunit ang mahigpit na panuntunan nito ay nakakapagdulot ng isang pagpipilit na pakiramadam. Gayundin, marahil dahil karamihan ipinapatupad ang mga tuntunin ng sama-sama, may malaking pabigat na nakukuha sa mga kasama, inaalala ang mga sasabihin ng iba na nakakapagdulot sa mga bata na umatras at pigilan ang mga sarili. Kaya sa tingin ko, mas magiging maayos kung makakabuo tayo ng isang pamantayan ng edukasyon na pinagsasama ang magagandang punto ng magkabilaang panig upang hikayatin magkaroon ng malayang pag iisip habang binibigyan konsiderasyon ng mga bata ang iba.

Kasalukuyang sumusuporta ako sa mga dayuhang estudyante sa elementarya at junyur hayskul sa wikang Inglis at Vietnamese. Sa sarili kong karanasan noon sa 2 kong nakatatandang mga anak, halos ipinagkatiwala ko ang responsabilidad sa paaralan ngunit ngayon kahit papano sa naging karanasan ko sa pagpapalaki sa mga bata, naniniwala ako ngayon na napakahalaga na mayroon kang kaalaman sa pagpapalaki ng mga bata na kasama ang paaralan. Sa halip na sabihin “Marami akong ginagawa”o “Hindi ko maintindihan,” karaniwan, ang pagsubaybay sa sitwasyon ng mga bata sa paaralan ay kung ano ang mga iniuwing bagay ng mga ito mula sa paaralan, aralin ang kultura ng Japan ay siyang susi upang masuportahan ang kanilang mga anak na lumalaki sa ibang kultura. Natural lang sa mga magulang ang hindi alam ang sistema ng paaralan sa Japan. Kung kaya’t huwag mahiyang magtanong, sabihin ang mga saloobin at ipaalam sa titser ang sitwasyon ng anak at pamilya gayundin sa paaralan, umaasa akong sana ay mas maging maluwag at masayang lugar ito. Nais ko rin makatulong pa lalo sa paaralan, sa mga magulang at mga bata sa pmamagitan ng pagsasalin-wika at interpretasyon.

Ang lipunan ng Japan ay mayroong kahanga-hangang katutubong kultura, subalit ang iba dito ay hindi na naaangkop sa panahon. Upang mas maging masaya ang lahat ating pahalagahan kung ano ang mabuti ngunit isabay din nating isama ang mga makabagong bagay kung saan magagamit natin ito, pagsamahin nating palaguin pataas ang dunong ng ating mga magulang, paaralan at lipunan. Gawin natin kung ano ang ating magagawa at sabay sabay nating palaguin pataas ang ating pamumuhay!

~ **Ano ang Yangukeara/ Young Carer (Kabataang tagapangalaga)? Suporta sa buong Pamilya** ~

Magandang araw sa inyong lahat, kami po ang Tanggapan ng Pamahalaang Prepektura ng Shiga, Kawani ng usaping Pambata at kabataan. Gamit ang susing salita na 「Mga bata • Mga bata • Mga bata」 nilalayong makabuo ng isang Pamamahalaang Prepektura kasama ang mga “Kabataan”.

Alam mo ba kung ano ang isang kabataang tagapangalaga (Young Carer)? Ang mga kabataang tagapangalaga ay mga kabataang nakapako sa mga responsabilidad sa pang-araw-araw na gawain at pangangalaga sa kanilang mga pamilya na dapat responsabilidad ng mga matatanda. Ang isang halimbawa ay ang mga sumusunod na kaso.

				
Kaso 1	Kaso 2	Kaso 3	Kaso 4	Kaso 5
Paggawa sa mga gawaing bahay at pangangalaga sa mga nakakabatang mga kapatid	Pagbantay at pangangalaga sa matatandang kapamilya	Pangangalaga sa may kapansanang miyembro ng pamilya na ngangailangan ng tulong at pangangalaga	Pagtrabaho pagkatapos ng pag-aaral upang matulungan ang pamilya	Suportang Pagpapaliwanag ng salita at iba pa., daan para sa komunikasyon ng pamilya

(Larawang-guhit ©Ahensiyang Pambata at Pampamilya/Kodomo-Kateicho)

Para sa mga bata, ang “pagtulong” ay isang magandang karanasan na gagabay sa pag-unlad ng kanilang pagkatao. Gayunpaman, ang mabibigat na tungkulin at pasanin na hindi tumutugma sa kanilang paglaki ay maaaring makaapekto sa kanilang mental at pisikal na kalusugan, o hadlangan ang kanilang panahon sa pagiging bata. May mga kabataang isinasantabi ang kanilang mga pangarap para sa kanilang hinaharap alang-alang sa kapakanan ng pinakamamahal na pamilya, minsan iniisip nilang karaniwan lang na suportahan ang pamilya at hindi namamalayan na nakakalimutan na nila ang kanilang sariling pangangailangan at wala manlang silang mapagsabihan ng kanilang problema, kahit na sila ay nagdudusa.

Ang Prepektura ng Shiga ay nagbibigay suporta sa mga pamilya ng mga kabataang katulad nito na nahaharap sa iba't ibang problema. Nagbibigay kami ng suporta para sa mga kabataang tagapangalaga (young carer) batay sa susing-salita na “suporta sa buong pamilya.” Sa pamamagitan ng NPO, nagbibigay kami ng lugar at serbisyo kung saan maaring sumangguni, makahingi ng payo at magkita-kita ang mga nasa magkakasingtulang na sitwasyon. Naglagay din kami ng isang tagapamuno ng young carer upang makapagbigay ng suporta.

Dahil sa hadlang sa wika, nahihirapan ang ilang mga kabataang may dayuhang nasyonalidad na ipahayag ang kanilang mga tunay na damdamin. O kaya nawalan ng oras para sa kanilang mga sarili dahil sa mahigpit na pangangailangan ng pamilya para sa pagpapaliwanag-salita. Magtulungan tayong lahat upang suportahan ang pagsasakatuparan ng isang lipunan kung saan ang mga Kabataan ay maaaring magkaroon ng panahon makapaglaro at may matutunan sa loob ng komunidad at sa loob ng tahanan. Ang kabataan ay kayamanan ng lipunan. Sa mga kabataan, mga pamilya na nahihirapan, mangyaring sumanggini lamang po sa amin.

(Mula sa tagapamuno ng young carer)



Kokoron Dial (Tumawag kung may alalahanin)

Pambata • Pangkabataan, Nakahanda po kaming makinig sa mga alalahanin ng mga magulang

☎ 077-524-2030

9:00 ng umaga~ 9:00 ng gabi (maliban sa mula 12/29 ~ 1/3)

9:00 ng gabi pagkatapos, ikonekta kayo sa 24 Oras Dial Kodomo SOS

~Impormasyon, Tanggapan ng konsultasyon ng bawat munisipalidad~
Mangyaring makipag ugnayan patungkol sa matatanggap na suporta serbisyo.



Higit na masisiyahan ang mga bata!

~ Magpalipas ng oras sa isang kakaibang lugar ~



Maraming mga grupong sumusuporta sa mga kabataan sa loob ng Prepektura ng Shiga.

「Ang grupong sumusuporta para sa mga batang tagapangalaga/ young carer」 (★) ay sumusuporta sa mga batang may pinagdadaanang problema sa loob ng tahanan, gustong makapagpahinga, humingi ng payo. Ang 「Kodomo Shokudo/Kainang-pambata」 ay isang lugar kung saan masisiyahan ang mga bata sa pagkain na libre o sa murang halaga. (Mayroon ding mga grupo na bukas para sa mga matatanda sa komunidad.)

Ang “Ibasho” ay isang lugar kung saan maaaring magpalipas ng oras ang mga bata ayon sa gusto nila. Halina’t pasyalan natin!

Pangalan ng Grupo	Mga nilalaman	Lugar	Panahon	Kontak
NPO Kodomo Social Work Center (Kinatawan ng NPO sentro ng kapakanang pambata)	★Suporta para sa mga Young carer, Ibasho, baon na pagkain (Pamamahagi ng pagkain), Kamping	9-8 Kannonji, Otsu-shi	Araw-araw	077-575-4378 
NPO Serikawa no Kappa (Kinatawan ng NPO)	★Suporta para sa mga Young carer, Ibasho, konsultasyon sa online	2-3-4 Kawahara Hikone-shi	Araw-araw	0749-20-9084 
Tabunka Kyousei Shien Center SHIPS (Sentro ng sama-samang suportang-pang-multikultural SHIPS)	Tabunka Kodomo Shokudo	1-13-12 Kusatsu Kusatsu-shi	Tuwing ika-4 na Sabado ng buwan	077-561-5110
Kanchan no Chiisana Ie (Munting bahay ni Kanchan)	Tabunka Kyosei Chiiki Koryoukai, Kodomo Shokudo (Palitan ng pagpupulong-multikultural ng komunidad silid-kainan ng mga bata)	956-2 Azuchi-cho Jorakuji Omihachiman-shi	1 beses kada 2 buwan	090-3708-3315 
NPO Yanchadera (Kinatawan ng NPO Yanchadera)	Ibasho para sa mga tinedyer, Kodomo Shokudo	Sa loob ng Lungsod ng Kusatsu	Pang ika-1,3,5 na Sabado	
PARADEIRO	Ibasho ng mga kabataan, Kodomo Shokudo	13-2 Aisho-cho Echigawa	Pang ika-3 Biyernes Pang hapunan	090-4030-1492 
Otsu Alternative School Triumph	Free-school, Ibasho silid-aralan, pagpinta gamit ang tubig/ Akwarela	4-3-25 Hamaotsu Otsu-shi	Mar. Miy. Biy	050-5374-0311 
Child Village	Third Place Palipasang lugar Pambata, Pangmatanda	2-39-4 Hiedaira, Otsu-shi	Pang-ika4 na Sabado 10am ~ 4pm	email chimihirano@gmail.com

- Para masegurado, mangyaring tumawag muna bago mamasyal.

♪ **Mas marami pa kayong makikitang mga lugar pambata, Kainang pambata (ibasho, Shokudo) Mayron din Palaruang pambata (Asobiba)** ♪

- ◆ Maglaro, Matuto Omi Kodomo Shokudo
(Sa loob ng Prepektura ng Shiga Kodomo Shokudo)



- ◆ 『Shiga Kodomo Taiken Gakkou/Paaralang-pang-esksperensiya sa trabaho sa Shiga』
「Pakikipag-ugnayan」, 「Pamumuhay • Paglinang」, 「Yamang kapaligiran」, 「Satoyama • Palayan」, 「Kultura at Sining • Kasaysayan」 Makakaranas ng ibat-ibang pag-esksperensiya sa 5 na tema.



Impormasyon sa Mimitaro



Maligayang Bati at Manigong Bagong Taon 2024!

Taon ng Dragon Mimitaro

◆ Setsubun Pebrero 3 (Sabado)

Ipinagdidiwang ang paghahagis ng beans upang takutin ang dambuhala at magdala ng swerte at itaboy ang kamalasan.

Minakuchi-Jinja

3-14 Miyanomae Minakuchi-cho, Koka-shi

Tachiki-Jinja 4-1-3 Kusatsu, Kusatsu-shi

Taga-Taisha 604 Taga Taga-cho, Inukami-gun

Hiyoshi-Taisha 5-1-1 Sakamoto, Otsu-shi

◆ Piyesta sa Sagicho

Dalawang araw na pagdiriwang panalangin para sa masaganang ani.

Marso 16 (Sab) 1:00p.m. ~ 5:30p.m.

Marso 17 (Lin) 10:30a.m. ~ 10:00p.m.

Himure Hachimangu Shrine

257 Miyauchi-cho Omihachiman-shi

◆ Pinakamagandang panahong makikita ang pamumukadkad ng bulaklak ng cherry (Sakura): huling linggo ng Marso ~ Maagang linggo ng Abril

✿Inirerekomenda ang mga lugar para sa mga tanawin ng cherry blossom sa Shiga Prefecture✿

Templo ng Miidera 246 Onjoji-cho, Otsu-shi

Biwako Sosui Miidera-cho Kannondera, Otsu-shi

Kasahara Sakura Koen 683 Kasahara-cho, Moriyama-shi

Juraku no Sato 4-4-1 Toji, Konan-shi

Hikonejo 1-1 Konki-cho, Hikone-shi

Ho koen Koen-cho, Nagahama-shi

Kaizu-Osaki Kaizu Makino-cho, Takashima-shi

◆ Kamping sa Panahon ng Tagsibol sa Kibougaoka (Kibougaoka Spring Puchi Camp)

Tangkilikin ang mga karanasan sa kalikasan at mga aktibidad sa labas!

Marso 10 (Lin) 9:30a.m. ~ 4:00p.m.

Kibougaoka Bunka Koen, Shiga-ken

(1178 Kuzushi Ryuo-cho Gamo-gun)

Bayad: 1000 yen/ 3 taon gulang pataas

1500 yen/ 15 taon gulang pataas

Aplikasyon: Mula Enero 13, magpadala ng email

Mangyaring isulat ang postal number, address, numero ng telepono, pangalan (Katakana), kasarian, edad, at email address ng lahat na sasali.

email: e-yagai@kiboupark-shiga.or.jp

Ang susunod na isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Abril



Balita sa Mimitaro



◆ Pinagsamang legal na konsultasyon sa dayuhan

Iba't ibang konsultasyon tulad ng paninirahan, trabaho, pamumuhay at karapatang pantao. Personal na pagsang-guni. May serbisyo ng interpretasyon. 30 minuto bawat tao. Petsa: Lunes, Pebrero 26, 1:00p.m. ~ 5:00p.m.

Lugar: Otsu Biwako Godo Chosha

5th floor common meeting room

Naghanda: Osaka Regional Immigration Services Bureau

Kailangan ang reserbasyon →

O tumawag sa Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga

Tel: 077-523-5646



◆ Paunawa tungkol sa Pagbabakuna sa COVID-19

Ang libreng pagbabakuna ay hanggang sa Marso 31.

◆ Libreng konsultasyon HIV/ AIDS, Pagpapasuri

- Maaring magpasuri na hindi kailangan ang pangalan.
- Maliban sa AIDS, maari ding magpasuri para sa syphilis, hepatitis B, at hepatitis C.
- Malalaman ang resulta sa loob ng 1~2 oras.
- Lugar: Mga Sentro ng Pang-kalusugan sa loob ng Prepektura (Otsu-shi • Kusatsu • Koga • Higashiomi • Hikone • Nagahama • Takashima)
- Kailangan magpareserba sa Telepono

Info Mga Sentro ng Pang-kalusugan sa loob ng Prepektura (Wikang hapon lamang)

Kung kailangan ng tagapagsalin-wika tumawag lamang sa Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga. Tel: 077-523-5646



◆ Ang huling pagkaltas ng bayarin sa buwis (kakutei shinkoku), pagitan ng Peb 16 (Biy) ~ Mar 15 (Biy)

Kung nagbayad ng malaking halaga sa gastusing-medikal o sa pabahay na pautang, iba pang pagbawas na kailangan itama, kung kumikita sa negosyo, kumikita na mahigit sa isang kumpanya, mangyaring mag aplay ng panghuling pagkaltas ng buwis (Final tax returns) sa tanggapan ng buwis.



Tagsibol panahon ng pasukan sa paaralan

Sa mga papasok sa elementarya o sa JHS sa Abril, papadalhan po kayo ng “Notesiya para sa pasukan” mula sa bawat lungsod o bayan sa pagtatapos ng Enero, Mangyaring dumalo sa pagpapaliwanag sa pagpasok sa paaralan (sa Pebrero) na inihahanda ng bawat paaralan, tiyaking maghanda at dumalo sa seremonya ng pasukan sa Abril. May bedyong inihanda para sa mga batang dayuhan at sa mga magulang “Masayang Makilala Ka! Maging Magkaibigan Tayo!” “Pakikuwento tungkol sa paaralang elementarya sa Japan!” mapapanood ninyo ang sitwasyon ng paaralang elementarya sa Japan.



Sentro ng Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente ng Shiga (sa loob ng Shiga Intercultural Association for Globalization)

Tel: 077-523-5646 Fax: 077-510-0601

email: mimitaro@s-i-a.or.jp